# Mga Side Effect ng Pagbabakuna laban sa COVID-19: Ano ang Dapat Asahan



Ang lahat ng taong may edad na anim na buwan pataas ay dapat makatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna sa COVID-19 para sa 2024-2025.

Makakakuha ang mga indibidwal ng bakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang bakuna, kabilang ang bakuna sa trangkaso.

Puwedeng magkaroon ng mga side effect ang mga bakuna na posibleng magkakaiba sa bawat tao. Puwedeng magsimula ang mga ito ilang araw pagkatapos ng turok pero karaniwang katamtaman ang mga ito at posibleng kinabibilangan ng:*



- Pananakit, pamamaga, at pamumula sa braso o binti kung saan tinurukan.
- Pagkapagod
- Pagkaantukin, pagkairitable/pag-iyak, at paghina ng ganang kumain**
- Lagnat/panginginig
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan o kasukasuan
- Pagduduwal/pagsusuka
- Namamagang mga lymph node

* **Mas karaniwan ang mga side effect pagkatapos ng mga karagdagang dosis sa mga 4-17 taong gulang.**

** **Mas karaniwan sa mga 6 na buwan hanggang 3 taon ang edad.**



- Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung lalala ang pamumula o paglambot ng bahaging tinurukan pagkatapos ng 24 na oras, o kung hindi mawala ang mga side effect pagkatapos ng ilang araw.
- **Bagama't bihira ang malulubhang reaksiyon, tulad ng problema sa paghinga, tumawag sa 911 kung sa palagay mo ikaw o ang iyong anak ay posibleng nagkakaroon ng malubhang allergic reaction.**

**Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/covid/vaccines/getting-your-covid-19-vaccine.html**

**Para mahanap ang mga bakunang walang bayad at ang mga lokasyon ng bakuna, bisitahin ang nj.gov/health/vaccines/covid-19 o i-scan ang QR code. Puwede mo ring bisitahin ang vaccines.gov.**

Na-update noong Enero 2025